



Programang Tulong sa Bayarin sa Tubig para sa mga Kustomer na Naapektuhan ng COVID-19 na Pandemya

Ang Long Beach Community Action Partnership (LBCAP) ay nakikipagtulungan sa Long Beach Water Department upang magbigay ng direktang tulong pinansyal upang matulungan ang mga **pamilyang naninirahan na may kasalukuyang mababang kita na mga sambayahan** para mabayaran ang mga bayarin nila sa tubig na naipon sa panahon COVID-19 na pandemya.

Ang mga kwalipikadong kustomer ng Long Beach Water Department (LBWD) ay maaaring tumanggap ng:

- Isang beses na \$200 na benepisyo
- Bayad sa LBWD at direktang i-credit sa iyong account
- Ang pondo ng programa ay limitado at ipinamamahagi sa first come first served basis

Sino ang karapat-dapat (dapat matugunan ang lahat ng tatlong kahingian):

- Mga residente na may Long Beach na bayarin sa tubig na nakapangalan sa kanila AT
- Nasasapatan ng mga sambahayan ang mga kahingian ng pagiging karapat-dapat batay sa kita (Tingnan ang [2021 Federal Poverty Guidelines](#)), AT
- Mga sambayahan na negatibong naapektuhan ng COVID-19

Paano mag-apply:

Maaari mong i-download ang mga dokumento sa aplikasyon sa ibaba, o tumawag sa 562-216-4614 upang matanggap ang mga ito sa koreo.

1. Tumawag sa 1-562-216-4614 para sa pagsusuri sa pagiging karapat-dapat o para gumawa ng appointment
2. Kumpletuhin ang [aplikasyon sa programa](#)
3. Kumpletuhin ang [intake form](#)
4. Ipunin ang mga sumusunod na dokumento at dalhin ang mga ito sa iyong appointment o dapat dala para sa iyong screening:
 - a. Kasalukuyang Long Beach utility bill na may kasalukuyang mga singil sa tubig
 - b. Kopya ng kita ng lahat ng sambayahan sa nakalipas na 30 araw para sa lahat ng adulto edad 18 o pataas
 - i. Pirmadong mga affidavit para sa lahat ng mga miyembro ng sambahayan edad 18 o pataas na walang kahit na anong mapagkukunan ng kita
 - c. Kopya ng balidong California driver's license o ibang balidong California ID na may larawan
5. Kumpletuhin ang [Salaysay tungkol sa Epekto ng COVID-19](#)
 - a. Magbigay ng lahat ng hinihiling na angkop na mga dokumentasyon na sumusuporta
6. Lumahok sa iyong naka-iskedyul na appointment sa pagproseso – sa kabuuan, ang appointment na ito ay maaaring abutin ng hanggang isang oras

O

Ipadala sa korea ang lahat ng mga dokumento – kung sa koreo, maaaring abutin ng hanggang 2-3 linggo para matanggap at iproseso

Aabisuhan ka sa iyong kwalipikasyon mula sa Long Beach Community Action Partnership, at ang iyong isang beses na benepisyo ay ilalapat direkta sa iyong water bill na account.

Mahalagang Impormasyon Tungkol sa Programa:

- Ang pondo ng program ay limitado at ipinamamahagi base sa first come first served basis
- Saklaw lamang ng kredito ang mga singil sa tubig, tungkulin mo ang anumang singil sa gas, alkantarilya o basura
- Maaaring tumagal ng hanggang 30 araw bago mailapat ang kredito sa iyong account. Sa oras na iyon, maaari kang patuloy na tumanggap ng mga sulat mula sa utility company. Tungkulin mong makipag-ugnay nang direkta sa utility company kung mayroon kang mga alalahanin tungkol sa katayuan ng iyong account sa pamamagitan ng pagtawag sa 562.570.5700.
- Kung wala kang lahat ng kinakailangang dokumento sa oras na natanggap ang iyong aplikasyon, hindi namin mapoproseso ang iyong aplikasyon.
- Sa buong proseso ng aplikasyon, maaari kang makatanggap ng tawag sa telepono, email o sulat mua sa Long Beach Utilities (Water Department) o sa Long Beach Community Action Partnership. Hindi ka makakatanggap ng sulat mula sa labas o pangatlong partido na mga organisasyon bukod sa dalawang ito. Mangyaring maging maingat sa mga potensyal na pandaraya sa labas na maaaring makipag-ugnay sa iyo na humihingi ng personal, kumpidensyal na impormasyon.

Mga Pagtutukoy sa Programa

Gumagawa ang LBCAP ng mga hakbang upang matulungan ang mga residente ng Long Beach na nakakaranas ng paghihirap sa pananalapi dahil sa COVID-19 na pandemya. Ang **Community Economic Relief & Reinvestment Alliance (CERRA)** ay nilikha upang madiskarteng ipatupad ang mga safety net na serbisyo upang suportahan ang pinaka-mahina at apektado sa ating pamayanan.

Ang pagpopondo para sa programang ito ay ibinibigay sa pamamagitan ng Long Beach Community Action Partnership 'Community Services Block Grant (CSBG) para sa Coronavirus Aid, Relief, and Economic Security (CARES) Act. Ayon sa Proposition 218 California State na batas, walang water rate payer dollars ang nag-aambag sa programang pampinansyal na ito.

Tungkol sa LBCAP:

Ang Long Beach Community Action Partnership (LBCAP) ay itinatag noong 1979 bilang isang 501(c)(3) nonprofit community benefit na organisasyon. Ang LBCAP ay isa sa 1,100 community action na ahensya sa Estados Unidos, na itinatag sa ilalim ng Federal Economic Opportunity Act of 1964 upang labanan ang America's War on Poverty. Ang misyon ng LBCAP ay upang magbigay ng mga dinamikong landas sa self-sustainability para sa mga indibidwal at pamilya na may mababang kita na sa pamamagitan ng iba't ibang mga libreng serbisyo sa mga residente ng Long Beach na naninirahan sa mga kabahayan na may mababang kita na nakaranas ng mga hadlang sa edukasyon, panlipunan, o pang-ekonomiya parasa self-sustainability.

Maaari kang maging kwalipikado para sa higit pang mga serbisyo ng LBCAP:

- Gas o tulong sa electric bill sa pamamagitan ng LIHEAP
- Pangunahing mga serbisyo sa pag-aayos ng panahon sa bahay
- Mga Internship sa Edukasyon para sa mga kabataan at adulto na bata
- Paghahanda ng federal at state return para sa mga indibidwal at pamilya